THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Climate Vulnerability and Risk Information System (CVRIS) inilunsad sa lalawigan

VOLUME I No. 43 Sept 05, 2022 - Sept 11, 2022

# Provincial Agriculture Center itatayo na sa Victoria!




BILANG pagsisimula ng konstruksiyon ng Provincial Agriculture Center (PAC), ginanap sa Provincial Demo Farm, Brgy. Merit, Victoria ang groundbreaking ceremony ng naturang proyekto na pinangunahan ni Governor Bonz Dolor at Global Green Growth Institute (GGGI).

Ang PAC ay bahagi ng proyektong 'Climate Resilient and Inclusive Agricultural Value Chain' na nagkakahalaga ng 5 milyong dolyar o higit 281 milyong piso na pinondohan naman ng Korea International Cooperation Agency (KOICA) at inaasahang magtatagal ng apat na taon.

Layon ng proyekto na palaguin ang mga maliliit na magsasaka at micro-entrepreneurs sa lalawigan sa pamamagitan ng mga skills training at paghahanap ng mga bagong merkado para sa kanilang mga produkto sa Metro Manila pati na rin sa ibang bansa.

Ayon kay Deputy Director General ng GGGI Helena McLeod, dapat paigtingin pa ang pagpopondo sa mga modernong pasilidad pang-agrikultura nang sa gayon ay mas maging handa ang mga magsasaka sa mga epekto ng climate change o pagbabago ng klima, tulad ng malalakas na bagyo at iba pa.

Lubos naman ang pasasalamat ni Governor Bonz Dolor sa GGGI, KOICA at lahat ng mga ahensiyang katuwang sa naturang proyekto. Aniya, higit na malaki ang kikitain ng mga magsasaka sa value-adding ng mga produktong pang-agrikultural sa lalawigan at maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng itatayong Provincial Agricultural Center o PAC. Dahil dito, patuloy nang uunlad ang buhay at kabuhayan ng mga magsasakang Mindoreño.

Mahigit na siyam na libong magsasaka at agricultural workers mula sa mahihirap na komunidad at mga farmers'association ng Oriental Mindoro ang inaasahang direktang magbebenepisyo sa pagpapatayo ng PAC at pamumuhunan sa mga micro-enterprise ng probinsiya.

Ang PAC ay may dalawang palapag at may lawak na 900-square meters. Aabot sa P64M ang halaga ng pagpapatayo ng gusaling ito na gagamit din sa solar energy. Bukod sa pagiging modernong pasilidad, nais din gawing incubation hub ang PAC gamit ang bagong teknolohiya para matulungan ang mga magsasaka na mapabuti pa ang kanilang mga produkto at serbisyo.

Sa katapusan naman ng taong ito, magsisimula na rin ang pagpapatayo ng apat na pasilidad para sa mga Micro, Small and Medium Enterprise (MSMEs) ng probinsiya sa mga munisipalidad ng Bulalacao, San Teodoro, Gloria at Victoria. Bawat pasilidad ay magkakaroon ng mga modernong food processing machine para sa mga produktong pang-agrikultura gaya ng calamansi, banana, coconut at seaweed. Maaari nang gawing export-quality na organic fruit juices at fruit chips ang mga produktong pang-agrikultura upang mai-market o ibenta sa labas ng bansa (PIO Oriental Mindoro).

THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM















For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# *Seminar sa poultry production isinagawa ng Provincial Veterinary Office*

***NAGSASAGAWA ng seminar on poultry production at pamamahagi ng free range chicken ang mga kawani ng Provincial Veterinary Office (ProVet) sa 12 Farmers Association ng Mansalay ngayong araw, Setyembre 9.***

***Dahil sa umiiral na pandemya, mga kinatawan lamang ng naturang mga asosasyon ang dumalo.***

***Bahagi naman ito ng mga istratehiya ng Pamahalaang Panlalawigan na masustina ang tuluy-tuloy na pag alalay sa kabuhayan ng mga mamamayan.***

***Sa BGSM TELERADIO naman ay nagkaroon ng panayam si Provincial Veterinarian Dr.Grimaldo Catapang at ang pangulo ng SAMA-MANAUL, isa lamang sa mga samahang benepisyaryo nito.***

# Climate Vulnerability and Risk Information System (CVRIS) inilunsad sa lalawigan








*Si GGGI Deputy Director General Helena Mcleod*

MAGKAKAROON NA NG MABILIS na pagtukoy sa mga lugar sa lalawigan na may mataas na antas ng panganib na maaaring maapektuhan ng kalamidad matapos ilunsad ng Global Green Growth Inc (GGGI) at Korea International Cooperation Agency (KOICA) ang Climate Vulnerability and Risk Information System (CVRIS) katuwang ang Climate Change Commission (CCC) at Pamahalaang Panlalawigan ng Oriental Mindoro na ginanap sa Infinity Resort, Puerto Galera, noong Setyembre 7.

Bahagi ito ng pagpapabilis sa pagtukoy sa mahahalagang impormasyon at datos hinggil sa kalagayang pangkapaligiran sa pamamagitan ng CVRIS.

Ang CVRIS ay isang aplikasyon na tutukoy at magsasama sama ng digital na impormasyon at datos sa mabilis na paraan. Nakasama rin dito ang mga datos hinggil sa kalagayan ng mga sakahan at lugar ng mga residenteng madaling maapektuhan ng mga kalamidad at kung gaano naka expose ang lugar nito sa mga panganib dulot ng climate change. Ito ay magdudulot ng malaking katulungan sa mga municipal disaster risk reduction management office na mabilis na makapangalap ng mga datos hinggil sa kalagayang pangkapaligiran bago magka kalamidad na magagamit sa pagpaplano at pagbuo ng mga polisiya ng mga pamahalaang local upang mapababa ang epekto sakaling matamaan ito ng anumang kalamidad. Mabilis din itong makukuha at maipapasa sa tanggapan ng Provincial Disaster Risk Reduction Management para pag isahin at magkaroon ng isang presentasyon sa sitwasyong pangkapaligiran ng buong lalawigan.

Sa kanyang pananalita, sinabi ni Gobernador Bonz Dolor na napapanahon ang paglulunsad ng naturang proyekto. Kinakailangan na talaga aniyang sa kasalukuyan ay may gawin ng aksyon kontra climate change upang maagapan at masolusyunan ang nanganganib na maging kapaligiran sa kinabukasan ng mga susunod na henerasyon. Malaki ang kanyang pasasalamat sa ganitong proyekto na aniya'y malaking katulungan dahil nasa limang porsyento lamang aniya ang nailalaan dito ng pamahalaan bilang paghahanda sa mga di inaasahang kalamidad na tatama sa lalawigan dahil na rin sa limitadong pondo nito. Naniniwala ang Punong Lalawigan na mas mainam ang maagang pag aksyon upang maiwasan ang malalalang sakuna dulot ng kalamidad.

Kapwa naman isiniguro nina GGGI Country Representative Juhern Kim, GGGI Deputy Director General Helena Mcleod at Asia Regional Director at GGGI Program Head Achala Abeysinghe na ang CVRIs at ang proyektong PAC ay magsisilbing game changer o magdadala ng malaking pagbabago sa Oriental Mindoro sa mga maitutulong nito sa mga magsasaka ng lalawigan.

Sa inilaang equipment tool ng GGGI KOICA katuwang ang CCC at mga konsernadong ahensya ng pamahalaan para sa 14 na bayan at isang lungsod ng lalawigan bilang mga benepisyaryo, nakapaloob sa ipinamahaging laptop ang makabagong application tool system at pinakita rin kung paano ito maa access. Unang pinagkalooban nang araw na iyon ang mga bayan ng Roxas, Gloria, Pola, Naujan, Baco at Puerto Galera.

Sa isinagawang demonstrasyon nina Ginoong Jaepyo Chun ng GGGI at De La Salle University Associate Professor Briane Samson , maaari anilang ma access ang naturang system sa opisyal na website ng Oriental Mindoro.

Nakasama rin sa okasyon bilang panauhin ang Sangguniang Panlalawigan sa pangunguna ni Bise Gobernador Ejay Falcon at DTI Regional Director Joel Valera. Dumalo rin ang kinatawan ng mga konsernadong ahensyang nasyunal at mga municipal at city disaster risk reduction and management officers gayundin ang ilang municipal/city agriculture officers (PIO Oriental Mindoro).

THE TAMARAO JOURNAL
VOLUME I No. 43 Sept. 05, 2022 - Sept. 11, 2022



BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *Konsultasyon sa mga Katutubo isinagawa sa lalawigan*

ISANG KONSULTASYON ang isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan katuwang ang mga Indigenous People's Mandatory Representative (IPMR) at mga nakatatanda o elders ng iba't ibang tribo ng Mangyan kaugnay ng pagtatayo ng Balay Paghandumon Housing Project sa Oriental Mindoro Heritage and Cultural Center (OMHCC) sa bayan ng Mansalay.



Layunin ng naturang konsultasyon na malinaw na mapag-usapan ang mga adhikaing kaakibat ng pagtatayo ng nasabing proyekto at aasahan ang pag-endorso at pagpayag ng bawat tribo upang maisakatuparan na ang proyektong ito sa malapit na hinaharap.



Bilang pangunahing institusyon para sa sining at kultura, bahagi ng pangmatagalang plano ng OMHCC ang pagkakaroon ng komunidad na binubuo ng di bababa sa 30 pamilya ang maninirahan dito. Sila ay bibigyan ng libreng pabahay at tulong puhunan upang makapagsimula ng kanilang kabuhayan tulad ng pagsasaka, paghahabi at iba pa at ang kanilang produkto ay ipagbibili sa mga magiging bisita ng OMHCC. Magtatayo rin dito ng day care center at health center na ang disenyo ay angkop sa pangangailangan ng komunidad.



Ang nasabing konsultasyon ay unang hakbang pa lamang para hingin ang pagpayag ng mga lider katutubo at elders para sa pagsisimula ng proyektong ito.

Maliban sa Pamahalaang Panlalawigan na pinangungunahan ni Governor Bonz Dolor, Sangguniang Panlalawigan IPMR- Bokal Ahop Agate, PSWDO, Provincial Tourism Office kaagapay din sa programa ang National Commission for Culture and the Arts (NCCA) at National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) na siyang mga pangunahing tanggapan ng pambansang pamahalaan na nagtataguyod ng interes ng mga katutubo, kultura at pamanang sining (PIO Oriental Mindoro).